

Online na Patakaran sa Privacy (nalalapat sa lahat ng user ng Website)

Saklaw ng “Online na Patakaran sa Privacy” na ito ang mga online at mobile na bersyon ng mga website ng Mga Pinansyal na Serbisyo na hatid ng Toyota Motor Credit Corporation (kabilang ang mga sumusunod, ngunit hindi limitado sa mga ito: toyotafinancial.com at lexusfinancial.com at mazdafinancialservices.com) at anumang interactive na feature, mobile device application, o iba pang serbisyong nagpo-post ng link sa Online na Patakaran sa Privacy na ito (tinatawag na “Website” ang bawat isa). Nangangahulugan ang “Mga Pinansyal na Serbisyo” bilang Toyota Motor Credit Corporation (“TMCC”), mga pangalan ng brand ng TMCC, at mga lisensyadong pangalan na ginagamit para magbenta ng mga produkto ng mga pinansyal na serbisyo (kabilang ang mga sumusunod ngunit hindi limitado sa mga ito: Toyota Financial Services (“TFS”), Lexus Financial Services (“LFS”), at Mazda Financial Services (“MFS”), Toyota Motor Insurance Services, Inc., Toyota Lease Trust, o Toyota Credit de Puerto Rico Corp. at/o ang mga kaukulang subsidiary at assignee ng mga ito depende sa pagkakakilanlan ng iyong creditor, lessor, o provider ng produkto (“kami,” “namin” o “amin” kung sama-sama). Bilang karagdagan, nangangahulugan ang “ikaw” at “iyo” bilang mga customer na may Mga Account (alinsunod sa Kasunduan sa Mga Online na Serbisyo sa Account) at mga bisita/user ng Website. Inilalarawan ng Online na Patakaran sa Privacy na ito ang mga impormasyong kinokolekta namin tungkol sa iyo sa mga pagbisita sa Website, bakit namin kinokolekta ang mga ito, at sa aling mga pagkakataon namin ito maaaring ibahagi sa mga third party.

1. **Aktibidad sa Internet o Pangkalahatang Pag-browse.** Maaari mong bisitahin ang Website para magbasa tungkol sa produkto, investment, at impormasyon ng kumpanya, o para gamitin ang ilan sa aming mga online na tool nang hindi sinasabi sa amin kung sino ka o nang hindi nagsusumite ng anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan. Kung gagawin mo ang mga ito, kami o ang aming mga service provider ay maaaring awtomatikong mangolekta at mag-store ng istatistikal na impormasyon sa isang pseudonymized na batayan kaugnay ng aktibidad sa internet o iba pang aktibidad sa electronic na network kapag bumisita ka o nakipag-interaksyon sa aming Website, gaya ng impormasyon tungkol sa oras at tagal ng pagbisita mo, website na huli mong binisita, mga page na hiniling mo, petsa at oras ng mga kahilingang iyon, at pangalan ng iyong Internet Service Provider (“ISP”) (“Impormasyon sa Paggamit”).

Maaari kaming gumamit ng iba’t ibang paraan at teknolohiya para mag-store o mangolekta ng Impormasyon sa Paggamit (“Mga Teknolohiya sa Pagsubaybay”). Sa tuwing bibisitahin mo ang aming Website, maaaring itakda, baguhin, palitan, o ibahin ng Mga Teknolohiyang ito sa Pagsubaybay ang mga setting o configuration sa iyong personal computer, laptop, tablet, mobile phone, o iba pang device (tinatawag ang bawat isa bilang “Device”) na ginagamit para i-access ang aming Website. Ang ilan sa mga Teknolohiya sa Pagsubaybay na ginagamit sa Website ang mga sumusunod (at ang mga kasunod na teknolohiya at paraang na-develop kalaunan), pero hindi ito limitado sa mga ito:

- a. **Mga Cookie.** Ang cookie ay isang file na inilalagay sa isang Device para natatanging matukoy ang iyong browser o para mag-store ng impormasyon sa iyong Device. Maaaring gumamit ang aming Website ng mga HTTP cookie, HTML5 cookie, Flash cookie at iba pang uri ng cookie para mag-store ng impormasyon sa lokal na storage. Karaniwan na sa industriya ang paggamit ng mga cookie at makikita mong ginagamit ang mga ito ng karamihan sa mga website. Inisyal na naka-set up ang karamihan sa mga browser na tumanggap ng mga cookie. Kung gusto mo, puwede mong itakda ang iyong browser na tumanggi sa mga cookie o alertuhin ka kapag may mga ipinapadalang cookie. Gayunpaman, kung gagawin mo ito, maaaring hindi gumana nang maayos para sa iyo ang ilang bahagi ng Website.

Gumagamit din kami ng mga cookie para mag-trigger ng ilang partikular na online na survey tungkol sa serbisyo sa customer, na puwedeng naka-host sa isang site maliban sa Website na ito. Opsyonal ang mga survey na ito at hindi mo kailangang magbigay ng personal na impormasyon dito. Ginagamit namin ang impormasyong nakukuha namin sa mga online na survey na ito para mas mapahusay ang aming Website para sa mas magandang karanasan ng user at para mas mapahusay ang aming mga produkto o serbisyo o ang kalidad ng aming mga serbisyo sa aming mga customer.

- b. **Mga Clear Gif.** Ang mga clear gif ay maliliit na graphics na may natatanging identifier (na posibleng hindi mo nakikita), may function ito na katulad ng sa mga cookie, at ginagamit ang mga ito para subaybayan ang mga online na galaw ng mga Web user. Hindi katulad ng mga cookie, na sino-store sa hard drive ng computer ng user, naka-embed ang mga clear gif sa paraang hindi nakikita sa mga Web page (o mga komunikasyon) at halos kasinglaki ito ng tuldok sa dulo ng pangungusap na ito. Nakakatulong sa amin ang mga clear gif na ito na mas mapamahalaan ang content sa Website sa pamamagitan ng pagbibigay-alam sa amin kung anong content ang epektibo.

- c. **Mga Naka-embed na Script.** Ang naka-embed na script ay isang programming code na idinisenyo para mangolekta ng impormasyon tungkol sa iyong mga interaksyon sa Website, gaya ng mga link na kini-click mo;

- d. **Etag, o entity tag.** Ang Etag o entity tag ay isang feature ng cache sa mga browser. Isa itong opaque identifier na itinatalaga ng web server sa isang partikular na bersyon ng resource na matatagpuan sa isang URL;

e. Browser Fingerprinting. Pangongolekta at pagsusuri ng impormasyon mula sa iyong Device, gaya ng mga sumusunod pero hindi limitado sa mga ito: ang iyong operating system, mga plug-in, mga system font, at iba pang data, para sa mga layunin ng pagtukoy; at

f. Mga Teknolohiya sa Pagkilala. Mga teknolohiya, kabilang ang paglalapat ng istatistikal na probability sa mga data set, na sumusubok sa pagkilala o paggawa ng mga palagay tungkol sa mga user at device hal., na ang user ng iba't ibang device ay ang iisang user.

2. **Mga Log File**. Gaya ng karamihan sa mga website, awtomatiko kaming nangangalap ng mga impormasyon at sino-store namin ito sa mga log file. Kabilang sa impormasyong ito ang mga IP address, uri ng browser, (ISP, mga referring/exit page, operating system, date/time stamp, at clickstream data. Ginagamit namin ang mga impormasyong ito para sumuri ng mga trend, para pangasiwaan ang Website, para subaybayan ang mga galaw ng mga user sa Website, at para mas mapaganda ang paggamit sa aming Website.
3. **Mga Feature ng Social Media**. Maaaring naglalaman ang aming Website ng mga link ng iba't ibang social media na serbisyo, gaya ng Facebook, at Twitter, atbp. Maaaring kinokolekta ng mga feature na ito ang iyong IP address, aling page ang binibisita mo sa aming site, at maaaring magtakda ang mga ito ng cookie para i-enable ang wastong paggana ng feature. Hino-host ng mga third party ang mga feature na ito. Ang mga interaksyon mo sa mga feature na ito ay saklaw ng patakaran sa privacy ng kumpanyang naghahatid nito.
4. **Do Not Track**. May feature na “do not track” ang ilang internet browser. Kapag na-enable ito, nagpapadala ng signal ang iyong browser sa mga site na binibisita mo na nag-uutos sa mga site na huwag subaybayan ang iyong aktibidad. Hindi pa nagkakasundo ang lahat sa kung paano tutugon sa mga signal na ito. Kaya naman kasalukuyang hindi tumutugon sa mga “do not track” na signal ang aming Mga Website. Kung ayaw mong masubaybayan, maaaring malimitahan ng pag-disable o pag-delete sa mga cookie ang ilang anyo ng pagsubaybay. Ang pag-disable o pag-delete sa mga cookie ay maaaring makaapekto sa karanasan mo bilang user sa aming Mga Website, kabilang ang paghadlang sa paggamit sa ilang partikular na feature o function.

Gaya ng nakasaad sa ibang bahagi ng Online na Patakaran sa Privacy na ito, maaari naming subaybayan at ng aming mga service provider ang iyong aktibidad sa aming Mga Website. Maaari din naming subaybayan ang website o application kung nasaan ka bago pumasok sa aming Mga Website at ang website o application na pinuntahan mo pagkaalis mo sa aming Mga Website.

5. **Mobile Device at Access sa Network**. Kung gagamitin mo ang aming mobile application, kailangan naming i-access ang iyong Mobile Device o Network ng Mobile Device para sa ilan sa mga feature ng aming application. Halimbawa, para magdagdag ng paalala ng pagbabayad sa native calendar sa iyong Mobile Device, dapat naming i-access ang calendar para maidagdag ang paalala. Isa pa, para magamit ang QR code scanner na feature ng Application, dapat naming i-access ang iyong camera para ma-activate ang scanner. Ganito rin ang mangyayari kung papayagan mo ang fingerprint authentication o facial recognition para sa authentication; gayunpaman, sa Mobile Device mo lang iso-store ang anumang impormasyong nauugnay sa fingerprint authentication o facial recognition. Hindi namin kokolektahin o iso-store ang impormasyong ito.
6. **Pangongolekta at Paghahayag ng Impormasyong Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan**.
 - a. Data ng Serbisyo o Promosyon. May mga pagkakataon kung saan humihingi kami ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan para makapagbigay ng serbisyo o komunikasyon (hal., mga promosyon at naka-mail na brochure) sa mga bisita ng Website. Ang mga impormasyong ito, gaya ng pangalan, mailing address, email address, account number, huling apat na numero ng iyong Social Security number, o uri ng kahilingan, ay kinokolekta at sino-store sa paraang naaangkop sa katangian ng data at ginagamit ang mga ito para tugunan ang iyong kahilingan. Kung customer ka namin, maaaring ibahagi ang impormasyon alinsunod sa mga inilalarawan sa ibaba.
 - b. Data ng Online na Aplikasyon para sa Credit at Mga Online na Serbisyo sa Account. Kapag nagsumite ka sa amin ng online na aplikasyon para sa credit o kapag nag-access ka ng iyong Mga Online na Serbisyo sa Account alinsunod sa nakasaad sa Kasunduan sa Mga Online na Serbisyo sa Account, kinokolekta namin ang mga sumusunod na uri ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo:
 - (i) Mga impormasyong kailangan para makapagparehistro at makapag-log in ka sa Mga Online na Serbisyo sa Account mo, gaya ng iyong Account number, email address, vehicle identification number (“VIN”), Social Security Number, at zip code; at
 - (ii) Mga impormasyong natatanggap namin mula sa iyo sa mga aplikasyon para sa credit o iba pang form, gaya ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga asset at kita; at

(iii) Mga impormasyong natatanggap namin mula sa iyo tungkol sa iyong mga transaksyon sa amin, o mula sa mga affiliate o (kung pinapahintulutan ng batas) iba pa gaya ng mga balanse sa account, aktibidad sa account, history ng pagbili at pagbabayad; at

(iv) Impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan sa iyo na kailangan para i-link ang iyong Mga Online na Serbisyo sa Account sa online na account mo sa isang affiliate kapag pinili mong i-link ang mga online na account na iyon. Kung bumili ka ng (mga) produktong pamprotekta sa sasakyan mula sa aming affiliate na Toyota Motor Insurance Services, Inc. ("TMIS"), bibigyan ka namin ng opsyong mag-link ng mga kwalipikadong produkto kung papayag ka, para lumabas ang mga ito kapag nag-log in ka sa iyong online account sa pamamagitan ng website o mobile application. Ipapakita lang namin ang mga pamprotektang produkto kung saan ka aktibong naka-enroll.

Kung hindi ka customer, hindi kami naghahayag ng mga impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo mula sa iyong aplikasyon para sa credit o anumang ahensya para sa credit reporting, kabilang ang iyong Social Security Number, maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas. Kung isa kang customer, hindi kami naghahayag ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo mula sa iyong aplikasyon para sa credit o anumang ahensya para sa credit reporting, kabilang ang iyong Social Security Number, maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas at ng nalalapat naming patakaran sa privacy ng customer.

Kapag nagsumite ka ng online na aplikasyon para sa credit, kung na-enable mo ang mga serbisyo ng lokasyon sa iyong mobile device, at pagkatapos makuha ang pahintulot mo, maaari kaming mangolekta ng impormasyon ng lokasyon gaya ng data ng geolocation mula sa iyong device.

c. Data ng Customer. Kung customer ka namin, maaari naming ihayag ang lahat ng impormasyong kinokolekta namin sa iyo at sa mga dating customer alinsunod sa inilalarawan sa ibaba.

Kung pinapahintulutan ng batas at alinsunod sa anumang nalalapat na Patakaran sa Privacy ng customer ng TMCC, ang kinokolekta naming impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo ay maaaring ibahagi sa aming mga affiliate at hindi affiliate na third party gaya ng mga sumusunod:

(i) Mga service provider ng mga pinansyal na produkto, gaya ng Toyota Motor Insurance Services, Inc. at Toyota Financial Savings Bank.

(ii) Mga hindi pinansyal na kumpanyang may kinalaman sa distribusyon, marketing, at sales ng mga sasakyan, gaya ng Toyota Motor Sales U.S.A., Inc., mga awtorisadong dealership ng Toyota at Lexus at iba pang dealership kung saan kami may ugnayang pangnegosyo, mga independent na Toyota at Lexus dealership marketing association, mga pribadong Toyota distributor, mga hindi affiliate na third party na tumatawag sa amin para sa impormasyon tungkol sa iyong Account alinsunod sa nakasaad sa Kasunduan sa Mga Online na Serbisyo sa Account, at mga hindi affiliate na third party na puwedeng ibenta ang iyong data nang sama-sama para sa mga layunin ng marketing ng sasakyan.

(iii) Mga kumpanyang nagsasagawa ng mga serbisyo sa marketing para sa amin o iba pang pinansyal na institusyon kung saan kami may mga joint na kasunduan sa marketing.

d. Walang Bentahan ng Data. Hindi namin ibinebenta ang iyong impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, customer ka man namin o hindi.

e. Paghahayag na Hinihingi ng Batas. Ibabahagi namin ang data na makokolekta namin mula sa iyo o tungkol sa iyo kung hihingiin ng batas, gaya ng para makasunod sa isang subpoena, o katulad na legal na proseso kung saan may magandang loob kaming paniniwala na kinakailangan at wasto ang paghahayag.

f. Data ng Device. Kinokolekta namin ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa iyong Device na ginagamit para i-access ang Website: platform ng device, bersyon ng device, IP address ng device, at iba pang katangian ng device kabilang ang mga pinili mong setting gaya ng Wi-Fi, Bluetooth, Global Positioning System ("GPS"). Ginagamit namin ang data na nakokolekta namin tungkol sa iyong Device para makatulong sa pag-authenticate kapag nag-log in ka, para matiyak na magagamit mo ang Website sa paraang inaasahan, para magsagawa ng pagsusuri sa trapiko sa web sa isang aggregated o pinagsama-samang batayan, at para mas epektibong iruta ang trapiko. Kung pipiliin mong magsumite ng online na aplikasyon para sa credit sa aming website, maaari naming kolektahin ang iyong geolocation kung payag ka at kung naka-enable ito sa Device mo.

g. Mga alok sa Marketing na Inihahatid sa Website. Nangongolekta kami ng impormasyon tungkol sa iyong aktibidad sa Website. Habang nasa Website ka, maaari kaming maghatid ng mga alok na produkto at serbisyo sa iyo batay sa impormasyong ito sa aktibidad sa website at pagkatapos mong mag-log in sa Website, batay na rin sa history ng account mo o iba pang karanasan sa amin o sa aming mga affiliate.

7. **Access sa Impormasyon ng Iyong Account sa Mga Website at Mobile Device Application ng Third Party.** Maaari kaming mag-alok sa mga dealer, sa aming mga affiliate, at sa mga hindi affiliate na kumpanya kung saan kami may ugnayang pangnegosyo, ng kakayahang bigyan ka ng secure na access sa impormasyon ng iyong Account sa kani-kanilang website at mobile device application (“Access ng Site ng Third Party”). Hindi kasama sa Access ng Site ng Third Party ang pagbabahagi namin ng impormasyon ng iyong Account sa aming mga dealer at affiliate.
8. **Maaari kang Humingi ng Kopya ng aming Patakarang sa Privacy ng Customer.** Patuloy kaming nagsusumikap na sumunod sa lahat ng naaangkop na pederal at pang-estadong batas sa privacy. Mag-iiba-iba ang aming Patakarang sa Privacy ng Customer depende sa estado at iba pang nalalapat na lokalidad. Kung customer ka namin sa finance o lease, maaari kang humingi ng kopya ng anumang Patakarang sa Privacy ng Customer na nalalapat sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-888-717-9248. Ang mga customer namin para sa produktong pamprotektang sa sasakyan ay maaaring humingi ng kopya ng anumang nalalapat na Patakarang sa Privacy ng Customer sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 1-800-255-8713.
9. **Mga Opsyon Mo sa Privacy.** Kung isa kang customer ng finance o lease ng TMCC, maaaring may ilang partikular kang opsyon sa privacy sa ilalim ng mga nalalapat na pederal at pang-estadong batas. Para matuto pa tungkol sa mga opsyon mo sa privacy, kung mayroon man, sumangguni sa anumang Patakarang sa Privacy ng Customer na ipinadala sa iyo sa mail, o suriin ang tab na Aking Privacy sa ilalim ng seksyong Aking Profile ng Website, o tawagan kami sa 1-888-717-9248. Isa pa, kung residente ka ng California, maaaring may mga karagdagan kang karapatan sa ilalim ng batas ng California. Kaya naman pakitingnan ang seksyon 16.
10. **Mga Pampromosyong Email at Text.** Kung gusto mong mag-unsubscribe sa anumang pampromosyong email o text kabilang ang SMS text na maaari naming ipadala sa iyo, mangyaring sundin ang mga tagubilin sa pag-unsubscribe na nasa mga ganoong komunikasyon. Maaari din kaming magpadala sa iyo ng mga anunsyong nauugnay sa serbisyo. Halimbawa, kung pansamantalang suspindido ang aming serbisyo dahil sa maintenance, maaari kaming magpadala sa iyo ng email o text kabilang ang SMS text. Sa pangkalahatan, hindi ka maaaring mag-opt-out sa mga komunikasyong ito, na hindi pampromosyon ang katangian.
11. **Katumpakan ng Iyong Impormasyon.** May karapatan kang i-access ang iyong personal na impormasyon at baguhin o i-update ang mga hindi tama o hindi kumpletong personal na impormasyon, humiling ng pag-delete ng personal mong impormasyon, o humiling na huwag na namin itong gamitin. Maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa 1-800-874-8822 (TFS), 1-800-874-7050 (LFS), 1-866-693-2332 (MFS) 1-800-228-8559 (TMIS), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.) tungkol sa iyong mga karapatan. Sa ilang pagkakataon, maaaring hindi namin ma-delete ang impormasyon mo na nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, sa ganitong pagkakataon, ipapaalam namin kung hindi namin ito made-delete at kung bakit. Tutugon kami sa iyong kahilingan ng pag-access sa loob ng 30 araw.
12. **Pagiging Kumpidensyal, Seguridad, at Pagpapanatili ng Data.** Nililimitahan namin ang access sa hindi pampublikong impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan tungkol sa iyo, kabilang ang iyong social security number, sa mga empleyado at iba pang taong na-hire namin na kailangang makaalam sa impormasyon para makapagbigay ng mga produkto at serbisyo sa iyo at para maserbisuhan ang (mga) account mo sa amin. Nagpapanatili kami ng mga pisikal, aktwal, at pamprosesong pag-iingat na nakakasunod sa mga naaangkop na pederal na pamantayan para protektahan ang iyong mga hindi pampublikong impormasyon na nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan.

Kung pipiliin mong sagutan at isumite ang aming Online na Aplikasyon para sa Credit, o i-access ang iyong Mga Online na Serbisyo sa Account sa pamamagitan ng aming Mga Website, poprotektahan ng proseso ng pag-encrypt ang mga impormasyon mong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan.

Puwede mong personal na kumpirmahin ang seguridad ng site sa pamamagitan ng pagtingin sa impormasyon tungkol sa aming certification. Para sa mga user ng Internet Explorer, makikita ito sa pamamagitan ng pag-click sa “File” mula sa iyong tool, at pagkatapos ay “Properties,” pagkatapos ay “Certificates.” Nakasaad dapat dito na naibigay ang certificate sa my.toyotafinancial.com at ibinigay dapat ito ng VeriSign Class 3 Secure Server. Para sa mga user ng Firefox, matitingnan ang mga certificate sa pamamagitan ng pag-click sa lock icon sa kanang sulok sa ibaba ng browser.

Papanatilihin namin ang iyong impormasyon alinsunod sa mga patakarang namin sa pagpapanatili ng data kabilang ang para sa mga layunin ng pagseserbisyo ng iyong mga ugnayan sa amin, kung mayroon man, at para sa mga internal na pagsusuri.

13. **Tulong para sa Mga Biktima ng Theft.** Kung sa tingin mo ay na-access ang iyong Account nang walang pahintulot, pakitawagan agad ang 1-800-874-8822 (TFS), 1-800-874-7050 (LFS), 1-866-693-2332 (MFS), 1-800-228-8559 (TMIS), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.). Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong lokal na ahensyang tagapagpatupad ng batas o maghain ng reklamo sa Federal Trade Commission sa <http://www.ftc.gov>.

14. **Patakaran sa Pagprotekta sa Mga Social Security Number.** Nakatuon kami sa pagpapanatiling kumpidensyal ang mga Social Security number na kinokolekta namin at nagpapatupad kami ng patakaran sa proteksyon sa privacy kaugnay ng pangongolekta at pagpoproseso ng mga Social Security number sa pamamagitan ng Website. Kinokolekta namin ang mga Social Security Number ng mga aplikante namin para sa retail na installment na pagbili at lease, mga customer, at mga investor ng TMCC para lang sa mga layuning pangnegosyo, kabilang ang pagpoproseso ng mga dokumento para sa financing ng pagbili at lease, alinsunod sa mga naaangkop na pederal at pang-estadong batas. Mahigpit na ipinagbabawal ang labag sa batas na paghahayag ng mga Social Security number, at ipinagbabawal din ang pagpapakita ng mga Social Security Number. Limitado ang access sa mga Social Security number sa mga empleyado at third party na kailangang malaman at ma-access ang impormasyon dahil sa kanilang trabaho para makapagbigay ng mga produkto at serbisyo sa iyo o para maserbisyuhan ang iyong account sa amin.
15. **Privacy ng Mga Bata.** Hindi para sa mga batang wala pang labintatlong taong gulang (13) ang Mga Website at Mobile Device application, at hindi rin namin mina-market ang aming mga produkto o serbisyo sa mga batang ito. Hindi namin sinasadya ang pangongolekta ng anumang data mula sa mga batang wala pang edad 13. Hindi available ang aming mga produkto at serbisyo sa sinumang wala pa sa hustong gulang para lumagda ng isang kontratang ganap na naipapatupad. Sa karamihan ng mga estado, 18 taong gulang dapat pataas ang isang tao para makalagda ng isang kontratang ganap na naipapatupad.
16. **ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PRIVACY SA CALIFORNIA.** Nalalapat ang seksyong ito sa sinumang residente ng California na nakolektahan namin ng personal na impormasyon mula sa anumang source, kabilang ang paggamit mo sa (mga) Website, pagbili ng aming mga produkto o serbisyo, o pakikipag-ugnayan sa amin sa paraang electronic, pasulat, o personal.

Bilang isang kumpanyang nagbibigay ng mga pinansyal na serbisyo, inilalapat ng TMCC ang mga proteksyon sa privacy at seguridad sa iyong mga personal na impormasyon alinsunod sa kinakailangan ng pederal na batas ng US. Dahil dito, ang ilang partikular na impormasyong maaaring makolekta at maproseso namin tungkol sa iyo para maihatid ang aming mga pinansyal na produkto at serbisyo ay hindi saklaw ng California Consumer Privacy Act (“CCPA”). Para mas mapaigting pa ang pagtuon namin sa transparency sa consumer at privacy para sa mga pinapahalagahan naming customer, ibibigay namin ang mga detalye tungkol sa mga source, paggamit, at mga katulad na detalye ng personal na impormasyong maaari naming maproseso tungkol sa iyo.

Gayunpaman, pakitandaang ang desisyon naming ibigay sa iyo ang mga ganitong impormasyon ay boluntaryo lamang at hindi nito ipinapahiwatig na ginagawa ito ng TMCC dahil kailangan itong gawin sa ilalim ng CCPA o ng anumang iba pang legal na obligasyon. Ibig sabihin, nakalaan sa TMCC ang karapatan, sa sarili naming paghuhusga, para tukuyin ang dami at uri ng impormasyong ipapaalam sa iyo sa hinaharap o kung paano tutugon sa mga kahilingan sa privacy na maaari mong isumite sa amin.

Para sa layunin ng seksyong ito, nangangahulugan ang “personal na impormasyon” bilang impormasyong tumutukoy, nauugnay, naglalarawan, posibleng maiugnay, o posibleng maikonekta, direkta man o hindi direkta, sa isang consumer/residente o household sa California. Hindi kasama sa personal na impormasyon ang mga impormasyong available sa publiko o mga impormasyong inalisang ng pagkakakilanlan.

a. Ano ang Impormasyong Kinokolekta Namin.

Maaari naming kolektahin ang mga sumusunod na kategorya ng personal na impormasyon tungkol sa iyo:

(i) Mga Identifier, gaya ng tunay na pangalan at alyas; postal address; natatanging personal na identifier; mga online identifier gaya ng idinetalye sa ibaba; IP address; email address; numero ng telepono; numero ng account, pangalan, at password; Social Security number; numero ng driver’s license, numero ng pasaporte, numero sa identification card na ibinigay ng estado o sa iba pang identification card na ibinigay ng gobyerno; vehicle identification number; o iba pang katulad na identifier;

(ii) Komersyal ng impormasyon, gaya ng mga record ng personal na ari-arian; mga biniling produkto o serbisyo, nakuha, o kinokonsidera; mga balanse sa account, history ng pagbabayad, o aktibidad sa account; numero ng bank account, numero ng credit at debit card, at iba pang impormasyong nauugnay sa iyong pinansyal na institusyon; aplikasyon ng credit, mga pag-check sa credit, at mga impormasyon mula sa mga ahensya sa credit reporting; o iba pang history at palagay tungkol sa pagbili o sa consumer;

(iii) Biometric na impormasyon, na kinabibilangan ng mga fingerprint; scan ng mukha; impormasyon tungkol sa pagkilala sa boses; genetic na impormasyon; at/o iba pang katulad na biometric na identifier;

(iv) Impormasyong nauugnay sa aktibidad sa Internet o iba pang aktibidad sa electronic na network, kabilang ang mga cookie identifier, mga clear gif, uri ng browser, ISP, mga referring/exit page, operating system, date/time stamp, clickstream data, platform ng device, bersyon ng device, at iba pang katangian ng device kabilang ang mga pinili mong setting gaya ng Wi-Fi, Bluetooth, at GPS;

- (v) Data ng geolocation, kabilang ang mula sa iyong (mga) mobile device o (mga) sasakyan;
- (vi) Audio, electronic, o biswal na impormasyon, gaya ng mga audio recording ng mga tawag sa mga customer service center namin;
- (vii) Propesyonal na impormasyon o impormasyong nauugnay sa trabaho, gaya ng mga dati at kasalukuyan mong employer, titulo sa trabaho at mga responsibilidad, mga asset at kita, at/o iba pang impormasyon tungkol sa history ng trabaho mo;
- (viii) Impormasyon sa edukasyon;
- (ix) Mga pagpapalagay tungkol sa iyo;
- (x) Iba pang personal na impormasyong hindi nakalista sa itaas at nauugnay sa mga katangiang protektado sa ilalim ng batas ng California o pederal na batas;
- (xi) Iba pang personal na impormasyong hindi nakalista sa itaas at nasa mga record ng transaksyon ng customer alinsunod sa nakasaad sa California Civil Code § 1798.80(e), na kinabibilangan ng lagda, mga pisikal na katangian o paglalarawan, at/o numero ng insurance policy, numero ng bank account, numero ng credit card, numero ng debit card, at iba pang pinansyal na impormasyon).

b. Ano ang Ginagawa Namin sa Iyong Impormasyon

Maaari kaming mangolekta o gumamit ng personal na impormasyon mula sa iyo para sa mga sumusunod na pangnegosyong layunin:

Analytics, kategorisasyon, at pagdedesisyon
Pagsusuri sa mga third party na vendor / service provider
Pag-audit, pagsunod, patakaran, mga proseso, o regulasyon
Pagsingil, pagbabayad, at pagtupad o fulfillment
Pagmomodelo ng peligro o risk sa credit
Mga aplikasyon ng customer at mga pag-apruba sa credit
Mga habol ng customer at pagsisiyasat at pag-iwas sa panloloko
Mga komunikasyon sa customer
Pagmomodelo ng customer
Pamamahala sa ugnayan sa customer
Mga ugnayan sa dealer
Pangkalahatang pangangasiwa sa negosyo
Pag-market sa aming mga produkto at serbisyo
Pag-market sa mga produkto at serbisyo ng iba, mga affiliate man o hindi affiliate
Pinansyal na pag-uulat at accounting
Pag-optimize at pagpapanatili sa website
I-link ang iyong Mga Online na Serbisyo sa Account sa iyong online account sa isang affiliate o hindi affiliated na kumpanya kung saan kami may ugnayang pangnegosyo
Seguridad ng mga system at data

c. Mga Source ng Nakolektang Impormasyon.

Maaari kaming mangolekta ng personal na impormasyon mula sa mga sumusunod na kategorya ng mga source:

- (i) Mga customer namin at mga hindi namin customer, kabilang ang mga gumamit ng mga website at mobile application na pinapagana ng TMCC;
- (ii) Mga affiliate ng TMCC, gaya ng Toyota Motor Insurance Services, Inc. ("TMIS"), Toyota Financial Savings Bank, at Toyota Motor Sales U.S.A., Inc.;
- (iii) Mga service provider namin, gaya ng mga provider ng pamamahala sa ugnayan sa customer, mga provider ng analytics, mga provider ng website hosting, mga administrator ng system, at mga serbisyo sa paghahatid ng komunikasyon;
- (iv) Mga hindi affiliated na kumpanya kung saan kami may ugnayang pangnegosyo, gaya ng mga awtorisadong Toyota at Lexus dealer, mga independent na marketing na asosasyon ng Toyota at Lexus dealership, mga pribadong Toyota distributor, at mga pampormosyon at joint marketing na partner; at
- (v) Iba pang third party, gaya ng mga tumatawag sa amin para humingi ng impormasyon tungkol sa iyong Account alinsunod sa nakasaad sa Kasunduan sa Mga Online na Serbisyo, mga puwedeng magbenta ng iyong data nang sama-sama para sa mga layunin sa marketing ng sasakyan, at iba pang website at mobile application, mga partner sa online advertising, at mga supplier ng data.

d. Kanino Namin Ibinabahagi ang Impormasyon.

Hindi kami nagbebenta ng personal na impormasyon at hindi kami nagbibigay ng personal na impormasyon sa mga third party kapalit ng pera o iba pang may halagang konsiderasyon. Gayunpaman, inihahayag namin ang mga kategorya ng personal na impormasyong nakalista sa subsection a. sa itaas para sa mga layunin ng negosyo. Kung nararapat, maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga sumusunod na kategorya ng mga third party:

- (i) Mga affiliate, gaya ng aming parent na kumpanya, mga subsidiary na kumpanya, at iba pang affiliated na kumpanya sa Toyota corporate group, kabilang ang iba pang kumpanyang nagbibigay ng mga pinansyal na serbisyo (hal., Toyota Financial Savings Bank) at iba pang kumpanyang hindi nagbibigay ng mga pinansyal na serbisyo (hal., Toyota Motor Sales U.S.A., Inc.) at may kinalaman sa distribusyon, marketing, at sales ng mga sasakyan;
- (ii) Mga kumpanyang nag-aalok ng mga katulad na produkto at serbisyo, kabilang ang iba pang kumpanyang nagbibigay ng pinansyal na serbisyo;
- (iii) Mga kumpanya ng advertising at marketing;
- (iv) Mga kumpanya ng social media;
- (v) Mga kumpanya ng teknolohiya;
- (vi) Mga hindi affiliated na kumpanya kung saan kami may ugnayang pangnegosyo, gaya ng manufacturer ng sasakyan, distributor ng sasakyan kung saan mo nakuha ang iyong sasakyan, mga asosasyon sa marketing ng dealership, mga pribadong distributor, at mga pampromosyon at joint marketing na partner.

Para bigyan ka ng higit pang impormasyon tungkol sa kung paano maaaring ibinabahagi ang iyong personal na impormasyon sa mga third party na tinukoy sa itaas, pakitingnan ang talahanayan sa ibaba, na nagbibigay ng higit pang detalye sa mga kategorya ng personal na impormasyong maaaring ibahagi sa iba't ibang kategorya ng mga third party:

Kategorya ng Personal na Impormasyon	Mga Kategorya ng Mga Tatanggap na Third Party
Mga identifier, halimbawa, impormasyon ng pagkakakilanlan, mga detalye ng contact, at impormasyon ng sasakyan	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang naniningil ng utang

Komersyal na impormasyon, gaya ng demograpikong impormasyon, history ng pagbili, pinansyal na impormasyon sa pagsingil at pagbabayad, at mga kagustuhan sa komunikasyon	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanyang naniningil ng utang
<u>Biometric na impormasyon, halimbawa, mga fingerprint o scan sa pagkilala ng mukha</u>	Hindi kami nangongolekta at/o nagbabahagi ng biometric na impormasyon
<u>Impormasyong nauugnay sa aktibidad sa Internet o iba pang aktibidad sa electronic na network</u> , hal., mga cookie identifier at iba pang teknolohiya sa online na pagsubaybay at uri ng browser	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang naniningil ng utang
Data ng Geolocation	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang naniningil ng utang
Impormasyon sa audio, halimbawa, mga audio recording ng mga tawag sa aming mga customer service center	Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang naniningil ng utang
Mga Propesyonal na Impormasyon o Mga Impormasyong Nauugnay sa Trabaho, gaya ng kasalukuyan o mga dati mong employer, titulo sa trabaho, at mga serbisyo sa military/beteranong katayuan.	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang naniningil ng utang
<u>Impormasyon sa edukasyon</u>	Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanya ng analytics
<u>Mga pagpapalagay tungkol sa iyo</u>	Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanya ng analytics
<u>Iba pang personal na impormasyong hindi nakalista sa itaas at nauugnay sa mga katangiang protektado sa ilalim ng batas ng California o pederal na batas</u> , kabilang ang demograpiko, credit history, at pinansyal na impormasyon	Mga mail vendor Mga IT Service Provider Mga kumpanya ng advertising at marketing Mga kumpanya ng analytics Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanyang naniningil ng utang
Iba pang personal na impormasyong hindi nakalista sa itaas at nasa mga record ng transaksyon ng customer, gaya ng lagda, numero ng insurance policy, at iba pang pinansyal na impormasyon	Mga IT Service Provider Mga kumpanyang nagpoproseso ng pagbabayad Mga kumpanyang naniningil ng utang

Maaari din naming ihayag ang iyong personal na impormasyon para sa iba pang layunin, kabilang ang mga sumusunod:

(i) Legal na Pagsunod. Sa pagpapatupad ng batas o mga awtoridad sa pamahalaan para makasunod sa mga nalalapat na batas at regulasyon, para sumagot sa isang subpoena, mandamyento de aresto, o iba pang naaayon sa batas na paghingi ng impormasyong natatanggap namin, o alinsunod sa legal na proseso.

(ii) Pagprotekta sa Mga Karapatan at Interes. Maaari din kaming gumamit at maghayag ng personal na data para mailatag o maisagawa ang aming mga legal na karapatan, para maipatupad ang aming Mga Tuntunin ng Paggamit, ang Online na Patakaran sa Privacy na ito, o mga kasunduan sa iyo o mga third party, para sa pagtataguyod o pagdepensa sa mga legal na habol, o kung naniniwala kaming ang naturang paghahayag ay kinakailangan para

magsiyasat, pigilan, o gumawa ng iba pang pagkilos tungkol sa mga aktwal o pinaghihinalaang ilegal o mapanlinang na aktibidad o mga potensyal na banta sa pisikal na kaligtasan o kapakanan ng sinuman.

(iii) Mga Transaksyon sa Negosyo. Alinsunod sa naaangkop na batas, nakalaan sa amin ang karapatang ilipat ang ilan o ang lahat ng personal na impormasyong hawak namin sa isang pagpapasahang organisasyon kung sakaling magkakaroon ng merger, acquisition, bankruptcy, o iba pang pagbebenta o paglilipat ng lahat o ng ilan sa aming mga asset. Kung magkakaroon ng alinman sa mga ganitong transaksyon, magkakaroon ng karapatan ang nakabili na gamitin at ihayag ang personal na impormasyong nakolekta namin sa mga paraang kapareho ng sa amin, at aakuin ng nakabili ang mga karapatan at obligasyon kaugnay ng personal na impormasyon alinsunod sa nakasaad sa Online na Patakaran sa Privacy na ito.

e. Mga Karapatan Mo sa Privacy

May mga sumusunod kang karapatan sa ilalim ng CCPA, hanggang sa saklaw na ang personal mong impormasyon ay hindi pa protektado ng mga hakbang sa privacy at seguridad na hinihingi ng pederal na batas, halimbawa, para sa mga pinansyal na serbisyo at produkto:

(i) **Karapatang Makaalam.** May karapatan kang hingiin kung ano ang mga personal na impormasyong aming kinokolekta, ginagamit, inihahayag, at/o ibinebenta; ang mga katagoryang source kung saan namin nakokolekta ang mga ito; ang mga layuning pangnegosyo o komersyal ng pangongolekta; at ang mga katagorya ng mga third party kung kanino ibinabahagi o inihahayag ang iyong personal na data.

(ii) **Karapatang Mag-delete.** May karapatan kang hilinging i-delete ang iyong personal na impormasyong nakolekta o pinapanatili namin.

(iii) **Karapatang Mag-opt Out sa Pagbebenta.** Kung nagbebenta ng personal na impormasyon ang isang negosyo, may karapatan kang mag-opt out sa pagbebenta ng iyong personal na impormasyon. Hindi namin ibinebenta ang iyong personal na impormasyon kapalit ng pera o iba pang may halagang konsiderasyon.

Hindi namin ibinebenta ang iyong personal na impormasyon kapalit ng pera o iba pang may halagang konsiderasyon.

(iv) **Karapatan Laban sa Diskriminasyon.** May karapatan ka para hindi ka namin matrato nang may diskriminasyon dahil sa paggamit mo sa mga karapatan mo sa privacy sa itaas.

f. Proseso para Maisagawa ang Iyong Mga Karapatan sa Privacy

Ang mga karapatang nakalista sa itaas ay napapailalim sa kakayahan naming makatuwirang ma-verify ang iyong pagkakakilanlan at sa pahintulot naming isagawa ang mga kahilingang ito. Para ma-verify namin ang iyong pagkakakilanlan kapag nagsumite ka ng kahilingan, hihilingin namin sa iyong magbigay ng dalawa (2) o tatlong (3) piraso ng personal na impormasyon na kukumpirmahin namin sa aming mga record. Halimbawa, kung nag-finance o nag-lease ka ng sasakyan sa pamamagitan ng TMCC, hihilingin sa iyong ibigay ang iyong pangalan at huling anim (6) na digit ng iyong Social Security number. Kung bumili ka ng produktong pamprotekta sa sasakyan mula sa TMIS, bukod sa pangalan mo, hihilingin sa iyong ibigay ang nauugnay na numero ng kasunduan o aplikasyon para sa naturang produkto, pati na ang nauugnay na VIN. Ibig sabihin, pakitandaan ito bago subukang isumite ang iyong kahilingan.

Kung isa kang residente ng California at gusto mong gamitin ang mga karapatang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa isa sa mga sumusunod na paraan:

Interactive na webform:

Mag-click dito para sa TFS at TMIS <https://www.toyotafinancial.com/us/en/ccpa/data-privacy-request.html>.

Mag-click dito para sa LFS at TMIS <https://www.lexusfinancial.com/us/en/ccpa/data-privacy-request.html>.

Mag-click dito para sa MFS <https://www.mazdafinancialservices.com/us/en/ccpa/data-privacy-request.html>.

Toll-free na numero ng telepono:

TFS/LFS/MFS: 1-866-422-7210

TMIS: 1-866-422-7220

Pakitandaan na hindi makakaabot sa mga Toyota o Lexus dealer, mga pribadong distributor, o mga Toyota Motor Sales North America (TMS) ang pagsusumite sa amin ng kahilingan sa 'karapatan para makaalam' o 'karapatan para

mag-delete.' Kung gusto mong gamitin ang mga karapatan mo sa CCPA sa alinman sa mga entity na ito, pakitingnan ang kanilang mga website para sa higit pang impormasyon sa kung paano magsumite ng mga ganoong kahilingan.

Kakailanganin mong magsumite ng magkahiwalay na kahilingan kung nag-finance o nag-lease ka ng sasakyan, o kung nag-apply ka na dati para sa financing o lease, sa Toyota Motor Credit Corporation AT bumili ka rin, o nag-apply ka na dati para sa isang opsyonal na plan para sa proteksyon ng sasakyan, sa Toyota Motor Insurance Services, Inc.

Puwede mo ring bigyan ng awtorisasyon ang iba na gamitin ang mga karapatan sa ibaba para sa iyo. Para magawa ito, kailangan namin ng nilagdaang pahintulot, halimbawa, sa pamamagitan ng isang valid na Power of Attorney o katumbas na dokumento. Kapag may kopya na kami ng valid na nakasulat na awtorisasyon, maisasagawa ng itinalaga mong kinatawan/awtorisado mong ahente ang mga karapatang ito kaugnay ng (mga) account na nakalista sa naturang awtorisasyon sa kabuuang tagal ng account at dagdag na 90 araw, maliban na lang kung may partikular na tuntunin tungkol sa petsa ng pag-expire na nasa form ng awtorisasyon.

17. **Mga Bisita sa Aming Website sa Labas ng Estados Unidos.** Pinapagana ang aming Website sa Estados Unidos at para lang ito sa mga user na nasa Estados Unidos. Kung binibisita mo ang Website mula sa isang lokasyon sa labas ng U.S., pakitandaan na ang impormasyong kinokolekta namin, kabilang ang Personal na Impormasyon, ay ililipat, ipoproseso, iso-store, at gagamitin sa Estados Unidos. Ang lahat ng impormasyong matatanggap mula sa Site ay gagawin sa mga server at system na nasa Estados Unidos, at dito rin papanatilihin ang lahat ng impormasyong ibibigay mo. Ang mga batas sa pagprotekta ng data sa Estados Unidos ay maaaring iba sa mga batas sa bansa kung nasaan ka, at ang impormasyon mo ay maaaring mapailalim sa mga kahilingan ng pag-access mula sa mga awtoridad ng pamahalaan, korte, o tagapagpatupad ng batas sa Estados Unidos alinsunod sa mga batas ng Estados Unidos. Sa pamamagitan ng paggamit sa Website o pagbibigay sa amin ng anumang impormasyon, pumapayag ka sa paglilipat, pagpoproseso, paggamit, pagbabahagi, at pag-store sa mga naturang impormasyon sa Estados Unidos at sa iba pang bansa, alinsunod sa nakasaad sa Online na Patakaran sa Privacy na ito.
18. **Mga Pagbabago sa Aming Online na Patakaran sa Privacy.** Ayon sa pinapahintulutan ng batas, maaari naming baguhin ang Online na Patakaran sa Privacy na ito sa pamamagitan ng pag-post ng nirebisang bersyon ng patakaran sa Website. Kung malaki ang pagbabago, mag-aabiso kami tungkol sa mga pagbabago sa Website bago ilapat ang mga pagbabago. Hinihikayat ka naming regular na tingnan ang Webste para sa impormasyon tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy na nauugnay sa Website.
19. **Makipag-ugnayan sa amin.** Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa aming Online na Patakaran sa Privacy o mga kasanayan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono sa mga sumusunod na numero: 1-800-874-8822 (TFS), 1-800-874-7050 (LFS), 1-866-693-2332 (MFS), 1-800-228-8559 (TMIS), o 1-800-469-5214 (Toyota Credit de Puerto Rico Corp.). Kung may hindi ka pa nareresolbang usapin sa privacy o paggamit ng data na hindi namin natugunan nang sapat, mangyaring makipag-ugnayan sa aming third party na provider ng paglutas sa hindi pagkakaunawaan (third party dispute resolution provider) na nakabase sa U.S.(libre) sa <https://feedback-form.truste.com/watchdog/request>.

